IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

HAMON AT COPING NG MGA OUT-OF-FIELD NA GURO SA MODYULAR NA PAGTUTURO: ISANG CASE STUDY

Emelen C. Gedorio

Graduate Studies, Saint Columban College,
Pagadian City, Philippines

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang mga hamon at kaparaanan sa pag-aadjust (*coping strategies*) ng mga *out-of-field* na guro sa asignaturang Filipino sa ilalim ng *Modular Distance Learning*. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong disenyo, partikular ang *descriptive-qualitative case study methodology* sa pamamagitan ng *one-shot design*. Ang mga partisipante ay binubuo ng pitong (7) *out-of-field* na guro na nagtuturo ng Filipino mula Baitang 7 hanggang Baitang 11 sa Olutanga National High School. Ang datos ay nakalap gamit ang malalimang pakikipanayam (*in-depth interviews*) at sinuri sa pamamagitan ng *thematic analysis* batay sa *constant comparative method*. Natuklasan sa pag-aaral na ang pangunahing mga hamon ng mga guro ay ang kakulangan at pagkasira ng mga kagamitan sa pag-iimprenta (tulad ng *printer*, *ink*, at *bond paper*), hindi pagkuha ng mga modyul ng mga magulang sa itinakdang iskedyul, kahirapan sa paghahanda at pagbuo ng *learning plan* at *supplementary learning materials*, at mahinang koneksyon sa internet. Upang mapagtagumpayan ang mga hamong ito, ginamit ng mga guro ang mga *coping strategies* tulad ng paggastos ng sariling pera para sa pagpapaayos ng kagamitan, pagsasagawa ng *home visitation* at pakikipag-ugnayan sa *call/text/messenger*, pagsangguni sa mga gurong dalubhasa sa Filipino, at pagdalo sa mga pagsasanay at *seminar*. Binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng sapat na suportang pinansyal, lohistikal, at propesyonal na pag-unlad upang masiguro ang kalidad ng edukasyon sa bagong normal. Natapos ang pananaliksik na ito noong September 2025.

Mga Susing Salita: *Coping Strategies*, *Guro sa Filipino*, *Modular Distance Learning*, *Out-of-Field Teachers*, *Case Study*.

INTRODUKSIYON

Ang edukasyon sa gitna ng mga pandaigdigang krisis at bagong normal ay nagdulot ng malaking pagbabago sa sistema ng pagtuturo. Upang maipagpatuloy ang edukasyon nang hindi nakokompromiso ang kalusugan ng mga mag-aaral at guro, ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang *Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP)* sa pamamagitan ng DepEd Order No. 12, s. 2020. Isa sa mga pangunahing modalidad na ginamit ay ang *Modular Distance Learning (MDL)*, kung saan ginagamit ang mga *Self-Learning Modules (SLMs)* at *Guided Integrated Learning Activities (GIYA)*. Ayon kay Pascua (2020), ang modular distance learning ay naayon sa inilabas na DepEd Order 12 s. 2020 o *Basic Education Learning Continuity Plan* sa panahon ng pandemya at ito ay naglalayong maihatod ang kalidad at sapat na edukasyon.

Sa kabila ng mga estratehiyang ito, isa sa mga umusbong na suliranin sa mga pampublikong paaralan ay ang penomena ng *out-of-field teaching*. Ayon kay Ingersoll (2019), ang *out-of-field teaching* ay nagaganap kapag ang isang guro ay naatasang magturo ng asignaturang labas sa kanyang dalubhasang larangan (*specialization*) dulot ng kakulangan sa kwalipikadong guro. Sa konteksto ng Olutanga National High School sa Dibisyon ng Zamboanga Sibugay, maraming guro na nagtapos sa mga larangan ng *Social Studies*, *English*, *Mathematics*, *Science*, at *Values Education* ang naatasang magturo ng asignaturang Filipino.

Ang mga *out-of-field* na gurong ito ay humaharap sa dalawahang hamon: ang kawalan ng sapat na pagsasanay sa mismong nilalaman ng asignaturang Filipino at ang mga mabibigat na obligasyong lohistikal sa ilalim ng modyular na pagtuturo. Maraming hamon ang dinanas ng mga guro lalo-lalo na sa mga *out -field* na na guronng paghahada ito ng mga modyul upang maibahagi sa kanilang mga mag-aaral. Ayon kay Johnson (2011) ang mga modyul sa pagtuturo dahil ito ay nakasanayan ng mga guro sa paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral. Bagama't kakaiba ito sa nakasanayan, hindi ito naging balakid sa mga guro sa kanilang pagtuturo.

Bagama't may mga umiiral na pag-aaral ukol sa *distance learning*, limitado pa rin ang pananaliksik na nakatutok sa tiyak na karanasan, hamon, at *coping mechanisms* ng mga *out-of-field* na guro sa Filipino sa mga rural na komunidad. Dahil dito, mahalagang masuri ang kanilang mga karanasan upang makabuo ng mga angkop na interbensyon at polisiyang susuporta sa kanilang propesyonal na pangangailangan.

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang karanasan, hamon, at *coping strategies* ng mga *out-of-field* na guro sa modyular na pagtuturo sa Filipino. Tiyak nasinagot ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga hamon ng mga *out-of-field* na guro sa modyular na pagtuturo batay sa:
   1.1 Pag-imprenta ng mga modyul;
   1.2 Distribusyon ng mga modyul;
   1.3 Banghay-aralin (*Learning Plan*); at

1.4 Instruksyonal na suporta sa mag-aaral?
2. Ano-ano ang mga *coping strategies* ng mga *out-of-field* na guro upang tugunan ang mga hamong ito?
3. Ano ang implikasyon ng mga natuklasan sa sistema ng pagtuturo sa ilalim ng *modular distance learning*?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *qualitative descriptive-case study research* ito, ang disenyo ng case study ay napili upang makakuha ng malalim na detalyadong pag-unawa sa totoong karanasan ng mega partisipante sa kanilang tiyak na konteksto.

Lokasyon at Mga Partisipante

Isinagawa ang pag-aaral sa Olutanga National High School na matatagpuan sa Distrito ng Olutanga, Dibisyon ng Zamboanga Sibugay. Sa pamamagitan ng *purposive sampling*, pito (7) na *out-of-field* na guro mula sa Junior at Senior High School (Baitang 7 hanggang 11) na nagtuturo ng Filipino ang napiling partisipante. Ang kanilang karanasan sa pagtuturo ay nagmula sa isa (1) hanggang pitong (7) taon, at ang kanilang mga tunay na kasanayan ay mula sa *Social Studies* (P1, P7), *English* (P2), *Mathematics* (P3, P4), *Science* (P5), at *Values Education* (P6).

Instrumento ng Pananaliksik at Pangangalap ng Datos

Gumamit ng semi-structured interview guide na sinuri ng tatlong eksperto. Matapos makuha ang pahintulot ng Schools Division Superintendent, punong-guro, at mga kalahok, isinagawa ang malalimang panayam. Sa pahintulot ng kalahok, audio-recorded ang panayam at isinalin sa transkripsiyon. Ang semi-structured format ay nagbigay ng pare-parehong gabay habang pinahintulutan ang probing sa mahahalagang karanasan (Creswell & Poth, 2018).

Pagsusuri ng Datos at Etikal na Isyu

Ang nakalap na datos ay isinalin sa *transcript* at sinuri gamit ang *constant comparative method* at *thematic analysis* ni Creswell (2017). Upang mapanatili ang kredibilidad at etika, isinaalang-alang ang Data Privacy Act (RA 10173), ang kawalan ng pangalan (*anonymity*) gamit ang mga kodigo (P1–P7), at ang boluntaryong pakikilahok ng mga guro. Upang palakasin ang credibility at depedndability, ginamit ang member checking, peer debriefing, at malinaw na audit trail ng kodigo at tema, alinsunod sa pamantayan ng trustworthiness sa kwalitatibong pananaliksik (Lincoln & Guba, 1985)

RESULTA AT TALAKAYAN

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang buod ng mga natuklasang hamon at *coping strategies* ng mga *out-of-field* na guro sa Filipino sa modyular na pagtuturo. Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang buod ng mga natuklasang hamon at *coping strategies* ng mga *out-*

of-field na guro sa Filipino sa modyular na pagtuturo. Lumitaw sa pag-aaral na ang mga out-of-field na guro ay nakaranas ng iba't ibang hamon sa pagtuturo ng Filipino, kabilang ang kakulangan sa sapat na kaalaman sa nilalaman ng asignatura, paghahanda ng mga kagamitang panturo, at pagbuo ng mga angkop na gawaing pampagkatuto. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pag-aaral nina Du Plessis (2020) na nagsasabing ang mga out-of-field teachers ay karaniwang nakararanas ng kakulangan sa kaalaman sa asignaturang kanilang itinuturo, na nagdudulot ng dagdag na hamon sa paghahanda ng mga aralin at kagamitang pampagtuturo. Gayundin, binigyang-diin nina Kim at Asbury (2020) na ang mga guro sa panahon ng pandemya ay nakaranas ng malaking pagbabago sa kanilang mga gawain sa pagtuturo at kinailangang bumuo ng iba't ibang estratehiya upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa gitna ng mga limitasyon sa sistema ng pagkatuto.

Talahanayan 1. ***Buod ng mga Hamon at Coping Strategies ng mga Out-of-Field na Guro sa Filipino***

Kategorya	Mga Hamon	Mga Coping Strategies
Pag-imprenta ng Modyul	• Kakulangan at pagkasira ng printer, ink, at bond paper • Mabilisang pagkaubos ng suplay at mahabang oras sa pagbabantay sa pag-imprenta	• Paggastos ng sariling pera sa pagpapagawa ng printer at pagbili ng gamit • Paggamit ng printer ng departamento
Distribusyon ng Modyul	• Hindi pagkuha ng mga modyul sa itinakdang iskedyul ng mga magulang/mag-aaral	• Pagsasagawa ng *home visitation* • Pakikipag-ugnayan sa *call*, *text*, at *Messenger* • Pakiusap sa mga kapitbahay na maghatid
Banghay-Aralin (*Learning Plan*)	• Kahirapan sa paghahanda batay sa MELCs/GIYA	• Pagsangguni sa mga gurong dalubhasa (*expert*) sa Filipino

	• Mahinang koneksyon sa internet sa pagbuo ng aralin	• Paggamit ng mga sangguniang aklat
Instruksyonal na Suporta	• Karagdagang abala at kawalan ng kasanayan sa pagbuo ng *supplementary learning materials*	• Pagdalo sa mga seminar at pagsasanay sa pagbuo ng kagamitan • Sariling pagsasanay gamit ang mga gabay ng Dibisyon

1. Hamon at Coping sa Pag-imprenta ng Modyul

Natuklasan na ang pangunahing balakid ng mga guro ay ang kakulangan sa mga materyales at ang madalas na pagkasira ng mga *printer*. Ayon kay P5, *"Ang hamon na naexperience ko ay yung bumibigay ang printer, minsan nauubusan ng ink. Doble ang naging trabaho ngayon..."* Dahil sa tagal ng proseso kung aasahan ang pondo ng paaralan, ang karamihan sa mga guro (P1, P2, P3, P5, P7) ay gumamit ng pansariling gastos para ipaayos ang mga kagamitan.

2. Hamon at Coping sa Distribusyon ng Modyul

Naging suliranin din ang hindi pagpunta ng ilang magulang sa nakatakdang araw ng pagkuha ng modyul dahil sa trabaho o malalyong tirahan. Tugon dito ng mga guro ang pag-aabot ng modyul sa pamamagitan ng kapitbahay, pakikipag-chat sa *Messenger*, at ang direktang pagsasagawa ng home visitation upang masiguro na hindi maiiwan ang mag-aaral.

3. Hamon at Coping sa Banghay-Aralin at Instruksyonal na Suporta

Dahil ang mga guro ay *out-of-field*, nahirapan silang idisenyo ang mga aralin sa Filipino nang may wastong balarila at estruktura batay sa MELCs. Ang pangunahing *coping mechanism* na ginamit ay ang pagsangguni at pagpapatulong sa mga gurong dalubhasa sa Filipino at ang pagdalo sa mga *webinar/seminar* ukol sa pagbuo ng mga *supplementary learning materials*.

Konklusyon

1. Ang mga *out-of-field* na guro sa Filipino ay humaharap sa matinding obligasyonglohistikal at akademiko sa ilalim ng *Modular Distance Learning*, tulad ng kawalan ng sapat na kagamitan at kakulangan sa kaalaman sa asignaturang Filipino.

2. Nagpakita ang mga guro ng mataas na antas ng *adaptability* at dedikasyon sa pamamagitan ng paggastos ng sariling pera, pagiging mapamaraan sa teknolohiya, at pakikipagtulungan sa mga kapwa guro.

3. Ang pakikipagtulungan sa mga dalubhasang guro (*peer mentoring*) at pagsasagawa ng *home visitation* ay napatunayang epektibong pamamaraan sa pagpapanatili ng kalidad ng edukasyon sa bagong normal.

Rekomendasyon

1. Para sa Pamunuan ng Paaralan at DepEd: Maglaan ng sapat na pondo (MOOE) para sa maintenance at mga suplay sa pag-iimprenta upang maiwasan ang paggastos ng sariling pera ng mga guro.

2. Propesyonal na Pagsasanay: Maglunsad ng mga tiyak na *Capacity-Building Workshops* at *Learning Action Cell (LAC) sessions* na nakatuon sa nilalaman ng asignaturang Filipino para sa mga *out-of-field teachers*.

3. Programang Mentorship: Magtatag ng pormal na *Mentorship Program* kung saan ang isang dalubhasang guro sa Filipino ay igagabay sa isang *out-of-field* na guro sa pagbuo ng *learning plans* at kagamitang panturo.

4. Para sa mga Susunod na Mananaliksik: Magsagawa ng katulad na pag-aaral sa mas malawak na saklaw o suriin ang epekto ng *out-of-field teaching* sa mismong *academic performance* ng mga mag-aaral.

Pagsunod sa mga Pamantayang Etikal

Laynunin ng pananaliksik na ito na suriin at unawain ang mga karanasan, pagsubok, at mga estratehiya sa pag-angkop *(Coping strategies*) ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino nang labas sa kanilang dalubhasaan *(out-of-fied*) sa ilalim ng modyular na Sistema ng pagkatuto. Upang makamit ito, tugunan ng pag-aaral ng mga sumusunod na tiyak na katanungan.

REFERENCES

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches. Sage publications. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=335ZDwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PT16&dq=Creswell+,+J.W+and+Creswell,+J.D+(2018)+Research+Design:+Qualitative,+Quantitative,+and+Mixed+Methods+Approaches+.+Sage,+Los+Angeles.&ots=YEBSKLrmsO&sig=PxEJzk7tXGyarr1KmkUGyuqQ3Vw&redir_esc=y#v=onepage&q&f=false

Jw, C. (1998). Qualitative inquiry and research design. Choosing among five traditions. https://cir.nii.ac.jp/crid/1571980074750071040

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications. https://businessscienceddaily.com

Department of Education. (2020). DepEd Order No. 12, s. 2020: Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020–2021 in the light of the COVID-19 public health emergency. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO_s2020_012.pdf

Du Plessis, A. E. (2020). Out-of-field teaching practices: What educational leaders need to know. Springer. https://doi.org/10.1007/978-981-15-2408-3

Ingersoll, R. M. (1999). The problem of underqualified teachers in American secondary schools. Educational Researcher, 28(2), 26–37. https://doi.org/10.3102/0013189x028002026

Johnson, G. (2011, July 14). Top characteristics of good module USMLE. GoArticles. http://goarticles.com/articReview/4958775/

Kim, L. E., & Asbury, K. (2020). “Like a rug had been pulled from under you”: The impact of COVID-19 on teachers in England during the first six weeks of the UK lockdown. British Journal of Educational Psychology, 90(4), 1062–1083. https://doi.org/10.1111/bjep.12381

Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry. SAGE Publications. https://www.researchgate.net/figure/

Pascua, A. (2020). K to 12 most essential learning competencies. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/

APA Citation:

Gedorio, E. C. (2026). HAMON AT COPING NG MGA OUT-OF-FIELD NA GURO SA MODYULAR NA PAGTUTURO: ISANG CASE STUDY. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(11), 360–366. https://doi.org/10.5281/zenodo.23975244

emelyn.gedorio@deped.gov.ph